Nobyembre 2022

Paalala Ukol sa Masamang Panahon : Pagsasara ng mga Paaralan

Mga Magulang/Tagapag-alaga:

Kapag magsasara ang mga paaralan at makakansela ag transportasyon dahil sa masamang panahon, ang mga impormasyon at detalye ay iaanunsyo sa Hamilton-Wentworth Catholic District School Board website (www.hwcdsb.ca) at sa Hamilton-Wentworth Student Transportation Services website (www.hamiltonschoolbus.ca/public_v2/index.aspx) at sa mga sumusunod na himpilan ng midya:

Bounce 102.9 FM	Y108 FM / Energy 95.3 FM	900 CHML
Lite 92.1 FM	Arise AM 1380	Hot Country 93.9
CHCH TV Morning Live	CBC Hamilton www.cbc.ca/hamilton	The Hamilton Spectator www.thespec.com
	Facebook www.facebook.com/hwcdsb	Twitter https://twitter.com/HWCDSB

Ang pagsasara ng mga paaralan at kanselasyon ng mga transportasyon ay makikita sa HWCDSB at HWSTS websites at ipapaalam sa mga lokal na himpilan ng 6:30 ng umaga o mas maaga kapag maaari. Ang mga paaralan ay maglalabas sa sarili nilang pamamaraan para maipaalam sa mga magulang kapag magsasara ang paaralan dahil sa masamang panahon.

Gayunpaman, pinapayuhan pa din ang mga magulang na sundan ang mga sumusunod na paalala:

- Ang mga magulang ay inaasahan na magantabay sa Board webpage at social media para sa ulat ng panahon at sa anunsyo ng paaralan. Lahat ng pagbabago ay malalaman mula sa lungsod ng Hamilton at himpilan ng radyo at telebisyon;
- Kpag masama ang panahon, maaari pa din magbukas ang paaralan maski kanselado ang transportasyon. Ang mga magulang at tagapag alaga ay hahayaan magdesisyon kung papasukin ang mga bata base na din sa sitwasyon ng daan sa kanilang lugar. Ang mga magulang ang nakaalam kung ano ang makakabuti sa kanilang anak;
- Sa mga magulang na magdedesisyon na papasukin ang mga anak sa kabila ng kanselasyon ng transportasyon, ay inaasahan na maihahatid ang masusundo ang mga bata sa kanilang mga paaralan sa pagtatapos ng klase o kapag nagdesisyon na kanselahin ang klase. Ang transportasyon ay hindi babyahe buong araw;
- Kinikilala na ang mga guro ay susuportahan ng personal na mga mag-aaral sa mga araw na kinansela ang transportasyon ngunit ang mga paaralan ay nananatiling bukas at samakatuwid ay maaaring may limitadong kakayahang suportahan ang mga mag-aaral na hindi pumapasok;
- Pinapayuhan ang lahat na tumawag lamang sa paaralan kapag matindi ang pangangailangan;
- Inaasahan na may maibibigay na impormasyon ang mga magulang sa taong paghahabilinan sa mga anak (kapitbahay/kaanak na malapit sa tirahan) kung sakaling hindi matawagan ng paaralan; at
- Mahalagang kaalaman: kung sakaling magsara ang paaralan dahil sa masamang panahon, lahat ng mga mag-aaral na naka enroll online ay magpapatuloy ang klase. Para naman sa mga estudyante na pumapasok sa klase, ang mga guro ay inaasahan na magbibigay ng mga gawain online ng hindi lalagpas sa alas-diyes ng umaga. Ang mga gawain na ito ay karagdagang leksyon sa mga mag-aaral.

Sa pagdating ng tag-lamig, makababuti na tayo ay maging handa sa masamang panahon at sa abala na dulot nito sa ating pang araw-araw na gawain. Kami ay nagpapasalamat ng lubos sa inyong pag-alalay at pagbigay ng atensyon sa mga impormasyon na nakalahad dito.

Taos-puso,